Ikaapat na Markahang Pagsusulit
Mathematics III

PANGALAN : _____ PETSA :_____

Gumuhit ng isang linya upang maipakita angsymmetry.







Isulat sa salungguhit kung straight line o curvedline ang sumusunod.



Isulat sa tapat ng salita kung ito ay may flat surfaceocurved surface.

1. Bundok _____ 2. bola_____
3. Kahon_____ 4. notebook_____
5. Dingding_____

Iguhit sa kuwaderno ang kasunod na hugisupang mabuo ang pattern.



Isulat ang oras na nakasaad sa bawat orasan.

_____ _____ _____

Iguhit ang oras.

7: 30

4: 00

Iguhit sa orasan sa kanan ang oras makalipas ang oras na nakasaad sa bawat bilang.

1. 30 minuto



2. 1 oras at 10 minuto



3. 2 oras at kalahati



Sagutin ang tanong sa bawat sitwasyong nakasulat sa kahon.

4. Natapos ang klase ni Danny ng ika- 4:00 p.m. Kasama si Manny, naglaro sila ng taguan hanggang ika-5:00 p.m. Gaano katagal silang naglaro? _____

5. Ang Mababang Paaralan ng Banton ay nakilahok sa Lakbay Aral. Ang bus ay umalis ng ika-5:00 a.m. At dumating sa National Museum ng ika- 8:00 a.m. Ilang oras silang naglakbay? _____

6. Si Ester ay nanood ng telebisyon simula ika-6:00 p.m. hanggang ika-8:15 p.m. Gaano siya katagal nanood ng telebisyon? _____

7-8. Dumating si David sa plasa ng ika-3:45 p.m.. Meron silang usapan ni Jonathan na maglaro sa ika-4:00 p.m.. Ika-4:30 p.m. na ay wala pa rin si Jonathan kaya umuwi na lang si David.

7. Ilang minutong nauna si David sa oras na usapan nila ni Jonathan? _____

8. Gaano katagal na naghintay si David kay Jonathan? _____

Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Gamitin ang kalendaryo sa pagsagot ng ibang katanungan. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

9. Ilang araw ang nakalipas mula Linggo hanggang Miyerkules?

a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

10. Ilang linggo ang nakalipas mula Setyembre 1 hanggang Setyembre 22?

a. 2 b. 3 c. 4 d. 5

11. Ngayon ay Martes. Ilang araw ang lilipas hanggang Martes ng susunod na linggo?

a. 3 b. 5 c. 7 d. 9

12. Anong petsa pagkatapos ng 25 araw kung ngayon ay Hunyo1?

a. Hunyo 25 b. Hunyo 26 c. Hunyo 27 d. Hunyo 28

13. Si Charity ay ipinangak ng Mayo. Ilang buwan siya sa Nobyembre?

a. 4 b. 5 c. 6 d. 7

14. Si Shiela ay ipinanganak noong Oktubre 3, 2005. Ilang taon siya sa Oktubre 3, 2025?

a. 20 b. 21 c. 22 d. 23

15. Ang Tatay ni Rolan ay 30 taong gulang nang siya ay ipinanganak. Ilang taon ang Tatay niya nang siya ay 7

taong gulang?

a. 36 b. 37 c. 38 d. 39

16. Tuwing ika-tatlong buwan, si Belinda ay dumadalaw sa kaniyang Lolo sa ibayong bayan. Ilang beses dumalaw si Belinda sa kaniyang Lolo sa loob ng isang taon?

a. 3 b. 4 c. 5 d. 6

17. Anong unit of length ang dapat gamitin sa pagkuha ng haba o sukat sa lawak ng silid-aralan?

a. meter b. centimeter c. kilograms d. grams

18. Anong unit of length ang dapat gamitin sa pagkuha ng haba o sukat sa haba ng kuwaderno ?

a. meter b. centimeter c. kilograms d. grams

19. Alin ang wastong paghahambing ng dalawang units na 25 cm at 13 cm?

a. Ang 25 cm ay mas mahaba kaysa 13 cm.

b. Ang 13 cm ay mas mahaba kaysa 25 cm.

c. Ang 25 cm ay mas maikli kaysa 13 cm.

d. Ang 13 cm ay mas mahaba kaysa 13 cm.

20. Alin ang wastong paghahambing ng dalawang units na 2m at 5m?

a. Ang 2m ay mas mahaba kaysa 5m.

b. Ang 5m ay mas mahaba kaysa 2m.

c. Ang 5m ay mas maikli kaysa 2m.

d. Ang 5m ay mas mahaba kaysa 5m.

“Credit to the author of this file”